


Taon XXXIX Blg. 20 Oktubre 21, 2008 www.philippinerevolution.net

Editoryal

# Di makaliligtas sa mamamayan ang pusakal na kriminal na si Arroyo



Mga tampok sa isyung ito...

OBL2 bigo sa Eastern Visayas PAHINA 3

Arroyo. Isinasakay niya ang tusong planong manatili sa poder sa imperyalis-

Matagumpay ang welga sa Bluestar PAHINA 6

Lumalalang krisis ng kapitalismo PAHINA 12 tang adyenda na tuluyang alisin ang nalalabing mga probisyon ng konstitusyon ng papet na estado na nagbibigay-proteksyon sa pambansang ekonomya at patrimonya.

Dapat ipursige ang paglulunsad ng tuluy-tuloy at malawakang kampanyang pagtutol ng mamamayan kasabay ng paggamit ng lahat ng paraan—ligal, ekstraligal at armado—para muling biguin ang Chacha.

Dapat ding bantayan at puspusang labanan ang iba pang kaakibat na hakbangin ni Arroyo. Kabilang dito ang pagpapakana ng iba't ibang paraan upang mahawakan parin niya ang kapangyarihan sakaling mabigo ang cha-cha at matuloy ang nakatakdang pambansang eleksyon sa 2010.

Ginagawa ni Arroyo ang lahat ng paraan para palakasin ang kanyang partido at koalisyong pampulitika at mag-ipon ng bilyun-bilyong piso bilang paghahanda para sa eleksyon. Kaalinsabay, ginagawa niya ang iba't ibang tusong paraan para siraan ang mga pangunahing personahe ng oposisyon, paglabanlabanin sila at wasakin ang kanilang hanay, habang sinusuhulan ang iba na pumanig sa kanya.

Tuluy-tuloy din ang paggamit ni Arroyo ng panunupil at pandarahas laban sa mga pwersang pinakapursigidong lumalaban sa kanyang patuloy na paghahari. Pangunahing target nito ang pambansa-demokratikong armadong rebolusyonaryong kilusan at ang mga hayag na demokratikong organisasyong masa at progresibong partidong pampulitika. Ang mga lider, pwersa at tagasuporta ng mga ito ang pangunahing binibiktima ng mga ekstrahudisyal na pamamaslang, paqdukot, iliqal na paqkulong, tortyur, pananakot at iba pang karahasan. Bu- ® kod sa militar at pulis, ginagamit ni Arroyo at kanyang mga upisyal pangmilitar at panseguridad ang mga itinatayo nilang armadong grupong vigilante.

Hindi rin binibitiwan ni Arroyo ang kanyang pinakahuling alas—ang tuluyang pagpapataw ng batas militar o emergency rule para marahas na supilin ang kanyang pinakamalalakas at pinakapursigidong mga kaaway sa pulitika at makapagpatuloy nang wala nang sagabal sa kanyang paghahari. Nagawa na niyang magdeklara ng state of

emergency noong Pebrero 2006 para supilin at tugisin ang mga itinuturing niyang kalaban. Hindi niya lamang ito napairal nang matagalan dahil sa agarang malakas na pagkilos at pagtutol ng mamamayan at di lubusang pagsang-ayon dito ng ilan sa kanyang gabinete.

Marami pang mga hakbangin ang isinasagawa ni Arroyo para tumagal sa kapangyarihan. Kabilang na rito ang pagpapalawak ng mga pwersang paramilitar at "suportang sibilyan" ng militar at pulisya 🐿 bilang pansuhay sa pagtatatag ng pasistang paghahari. Binigyan din ng malawak na kapang-🔑 yarihan ang National Peace and Order Council para pamunuan ang lahat ng internal security operation nq mga ahensyang sibilyan, militar at pulisya mula pambansang antas hanggang sa barangay para maikonsentra ang mga ito pangunahin na sa paglaban sa pambansa-demokratikong kilusan sa ngalan ng "kapayapaan at kaayusan."

Ngunit ang lahat ng ito ay mga desperado nang hakbang ng isang lubha nang nahihiwalay at pabagsak na reaksyunaryo at papet na pinuno na dahil sa laki at dami ng mga krimen at kasalanan ay takot na takot na sa mamamayan at sa parusang naghihintay sa kanya.

Maipatupad man ni Arroyo ang mga pakana niya, ang mga ito'y tiyak na pansamantala lamang. Sa kalaunan, lubusang mabibigo ang hangarin niyang manatili sa poder.

Patuloy na lumalawak at tumatatag ang pagkakaisa ng mamamayang pinahihirapan at dinadahas ni Arroyo. Masidhi ang kanilang hangaring wakasan ang kanyang papet at anti-mamamayang rehimen. Ang tigreng papel na rehimeng US-Arroyo ay walang laban sa mamamayang naghihimagsik para kamtin ang makabuluhang pagbabago at tunay na kalayaan, demokrasya at pag-unlad.

### ANG Bayan

Taon XXXIX Blg. 20 Oktubre 21, 2008

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matataqpuan sa:

www.philippinerevolution.net
Tumatanggap ang Ang Bayan ng
mga kontribusyon sa anyo ng mga
artikulo at balita. Hinihikayat din ang
mga mambabasa na magpaabot ng
mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot
kami sa pamamagitan ng email sa:

angbayan@yahoo.com

#### Nilalaman

Editoryal

#### Di makaliligtas sa mamamayan si Arroyo Walang sawa sa cha-cha 3 Bigo ang OBL2 sa Eastern Visayas 3 Umento sa sahod sa Samar 5 6 Matagumpay ang welga sa Bluestar Pananalanta ng pasistang estado 7 Gawa-gawang kaso laban sa aktibista Mga labí ng magsasaka, natagpuan 7 7 Mga magsasaka, pinalalayas ng militar 8 Mga abusong militar sa Eastern Samar Harasment sa kampus, tumitindi 8 Magsasaka, pinaslang sa Quezon 9 US: Mindanao ang "bagong Afghanistan" Mga armadong sagupaan sa Mindanao 9 10 Hambalos ng krisis sa mga migrante

Pagbulusok ng sistemang kapitalista

11

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

Sa ibayong dagat

Melamine sa gatas

#### Walang sawa sa cha-cha

Walang tigil ang iba't ibang paraan para maipilit pa rin ni Arroyo at mga alipures niya ang cha-cha sa kabila ng malakas pa ring oposisyon at sunud-sunod pang mga kabiguan dito:

- ▶ Pinagpipilitan pa rin ng pangkating Arroyo ang pakanang "magkasanib na Constitutional Assembly" (Con-Ass) kahit tinatanggihan ito ng Senado dahil labag ito sa konstitusyon. Sa ilalim ng pakanang ito, pagsasanibin ang pagboto ng mga myembro ng mataas at mababang kapulungan ng Kongreso upang di makasagabal sa pag-apruba ng mababang kapulungan ang pagtutol ng malaking mayorya ng Senado. Ibinasura na ng Korte Suprema ang petisyong inihain ni Bohol Rep. Adam Relson Jala para ideklarang labag sa konstitusyon ang hiwalay na pagbobotohan sa Con-Ass ng mataas at mababang kapulungan. Pero binabalak ni Arroyo na ihain muli ang usapin sa Korte Suprema sa 2009 dahil inaasahan niyang madali na niyang makukuha ang pagsang-ayon ng mayorya ng mga mahistrado, makaraang mapalitan na niya ang halos kalahati ng mga myembro nitong magreretiro na sa taong iyon.
- ▶ Idineklara na rin ng Korte Suprema na labag sa konstitusyon ang Memorandum of Agreement on Ancestral Domain (MoA-AD) sa pagitan ng GRP at ng MILF. Ito sana ang gagamitin ni Arroyo na sangkalan para itulak ang mga pagbabago sa reaksyunaryong konstitusyon. Sinakyan lamang nito ang MoA-AD para magamit sa pagtutulak ng cha-cha ang panukalang pagbaling mula sa iisang estado tungo sa "pederasyon" ng tatlo hanggang apat na estado.
- ▶ Ang isinasangkalan naman ngayon ay ang pangangailangan umano ng mga pagbabago sa ilang pang-ekonomyang probisyon sa konstitusyon. Pangunahin na rito ang pagtanggal sa probisyong naglilimita sa dayuhang pamumuhunan sa bansa na mayroon na umanong naaning 261 boto—sapat na para maaprubahan ang probisyon sakaling matuloy ang pinagsanib na Con-Ass. Pinalalabas pa ni House Speaker Prospero Nograles na layunin nitong maakit na lumipat at humanap ng mas ligtas na mapaglalagakan ng kanilang kapital sa bansa ang malalaking kumpanya sa US na namemeligro dahil sa tumitinding krisis pampinansya roon. 

  ■

## Bigo ang OBL2 sa Eastern Visayas

Bigung-bigo ang Oplan Bantay Laya 2 (OBL2) ng kaaway sa Eastern Visayas. Ang walang habas na kampanyang militar ng rehimeng Arroyo ay ginapi ng koordinado at militanteng pagkilos ng masa kaalinsabay ng mga taktikal na opensiba ng BHB. Matagumpay na naipagtanggol ng mamamayan ang kanilang karapatan, kabuhayan at mga komunidad. Napatibay ang kanilang rebolusyonaryong pagkakaisa at higit pang naisulong ang kanilang mga pakikibaka.

**Paghahanda.** Taong 2007 pa lamang, batid na ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon na isa sa popokusan ng OBL2 ang Eastern Visayas sa 2008. Maagang inihanda ang mga rebolusyonaryong pwersa at mamamayan kung paano ito epektibong lalabanan. Pinag-aralan ng mga kasama rito ang kondukta ng OBL sa ibang rehiyon at binuo ang plano ng paglaban. Pinagkaisahan ito ng mga rebolusyonaryong pwersa at mamamayan.

Itinayo ang Task Force OBL sa magkakanugnog na baryo para mas epektibong mailunsad ang kampanyang kontra-OBL. Dito kinoordina ang mga hakbang at pagkilos ng mamamayan.

Masusing pinaghandaan ang pangangalaga sa seguridad. Tinukoy ang mga ahente ng militar sa lugar. Kinausap ang mga kaya pang manyutralisa habang ang ibang hindi na mapagkakatiwalaan ay pinaalis sa lugar.

Tinukoy ang mga tinatayang pag-iinitan ng kaaway, kabilang ang dating mga kasapi ng BHB, at mga myembro ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa at sangay ng Partido sa lokalidad. Ang mga dapat umiwas sa pag-atake ng kaaway ay tinulungang lumipat muna sa ibang baryo habang nasa kasagsagan ang mga operasyong militar sa kanilang baryo. Yaong mga nasa tamang edad at may malulusog na pangangatawan at isip

ay pansamantalang pinasukob sa mga yunit ng BHB. "Septidor" (o mga taong binibigyan ng BHB ng safety o kaligtasan) ang naging katawagan sa kanila.

Naglunsad ng kampanya para lumikom ng pagkain, gamot at iba pang kinakailangang rekurso bilang paghahanda sa tiyak na pagpapataw ng kaaway ng mga blokeyo.



Aktwal na kampanya ng kaaway. Sinimulan ng AFP ang OBL2 sa Eastern Visayas noong Enero 2008. Sa bawat takdang panahon, nagpupwesto ang AFP ng hanggang 300 tropa sa bawat kulumpon ng mga baryo na tinataya nilang bumubuo ng sentro de grabidad ng target nilang larangang gerilya. Walo hanggang siyam na baryo ang sinasaklaw nila. Lilipat lamang sila sa ibang kulumpon ng mga baryo matapos ang tatlong buwan. May mga kaso ring nagtatagal sila nang anim na buwan o mahigit pa.

Binago ng mga kasama ang disposisyon ng mga pwersa at diin ng mga trabaho bilang pag-angkop sa bagong sitwasyon. Tiniyak ang paglulunsad ng kumbinasyon ng mga aksyong militar at mga kilosmasa bilang aktibong depensiba sa opensiba ng kaaway.

Agad pinaigting ng BHB ang gawaing militar sa mga lugar na pinamamalagian ng mga pwersa ng kaaway. Inilunsad ang mga operasyong pangharas at isnayp sa mga target na baryo at mga anihilatibong opensiba sa kalapit na mga baryo para bulabugin at lituhin ang mga sundalo sa tunay na konsentrasyon ng mga pwersa ng BHB. Kaalinsabay, naglunsad rin ng mga taktikal na opensiba ang mga yunit ng BHB sa iba pang bahagi ng rehiyon para mabatak at mapilitang kumalat ang mga pwersa ng kaaway. Nagdulot ito ng pagluwag sa maniobra ng mga kasama sa mga inaatakeng baryo.

Tuluy-tuloy na inilunsad ang mga pulong masa at asembliya para sa pagpapalakas ng pagkakaisa ng taumbaryo. Kahit sa gitna ng tumitinding militarisasyon, naidaos sa paraang lihim ang mga pagaaral, talakayan, konsultasyon at iba pang aktibidad para matatag na maharap ng mamamayan ang anumang pananalanta ng OBL2.

Naitayo ang mga pansamantalang sentro ng pamunuan sa mga kulumpon ng inaatakeng mga baryo. Ginawang pleksible ang istruktura at mga gawain ng Task Force OBL bilang pag-angkop sa militarisadong sitwasyon. Pana-panahong naisagawa ang mga konsultasyon sa pagitan ng mga organisasyong masa o mga pinuno nito at mga yunit ng BHB at kadre ng Partido sa lugar. Hinarap at puspusang nilutas ang mga problema sa organisasyon. Sa pamamagitan nitong mga pagsisikap at kolektibong dinamismo, nabawasan nang malaki ang marami sa mga problema ng mga organisasyong masa.

Sama-sama at malawakang kumilos ang mamamayan sa mga baryong sinalakay ng AFP. Epektibo silang nakapanlaban sa pamamagitan ng paggigiit ng kanilang mga demokratikong karapatan at pagbubuo ng malawak na alyansa sa mga karatig-baryo, mga demokratikong organisasyon, lokal na konseho at qubyerno. Nalagay sa depensiba sa pulitika ang kilos ng AFP sa lugar. Nagkumahog ang AFP na magkontra-propaganda laban sa BHB, pero pinagtawanan lamang ng mamamayan ang kitang-kitang mga kasinungalingan ng kaaway.

Naisagawa ang lahat ng ito nang may karampatang pag-iingat sa seguridad. Dahil nagkakaisa ang mamamayan sa paraan ng pagharap sa kaaway, naitaguyod nila ang kaligtasan ng bawat isa. Tiniyak nilang walang sensitibong impormasyong makukuha ang kaaway. Wala ni isa sa kanila ang naloko at napasapi sa CAFGU sa kabila ng mga pagtatangka ng AFP.

Esensyal na kahinaan ng OBL2. Matinding militarisasyon ang inabot ng mga baryong sinalakay ng AFP. Labis na naapektuhan ang kabuhayan ng mamamayan sa mga baryo. Hindi maiwasang makaramdam ng takot ang mga magsasaka dahil sa pandarahas at panggigipit ng militar. Naging laganap ang pang-aabuso at paglabag sa

karapatang-tao. Maraming kaso ng pananakit, pag-iinteroga, panghaharas at pilit na pagpapaamin sa pinagsususpetsahan na kasapi o di kaya'y tagasuporta umano ng BHB.

Ang presensya ng militar ay lumikha ng mga kundisyon para sa paglaganap ng mga gawaing antisosyal tulad ng mga inuman at pagsusugal. Ginamit ito ng militar sa pagsisikap na wasakin ang rebolusyonaryong pagkakaisa ng mga taumbaryo. Gayunman, hindi natinag ng kaaway ang determinasyon ng masa na ipaglaban ang kanilang mga karapatan at komunidad.

Hindi nadurog o naging pasibo ang mga istrukturang pampulitika sa lugar. Sa halip, kinakitaan pa ng mas mataas na antas ng paglaban at militanteng pagkilos ang mamamayan sa mga lugar na inatake ng OBL2. Walang nadakip na "maiinit" sa mga baryo. Walang sumurender o nagtaksil na mga dating pwersa ng BHB at mga myembro ng organisasyong masa. Dahil sa mga koordinado at puspusang pagkilos, napatigil ng mamamayan ang mga taktikal na interogasyon at napahupa ang dahas ng mga tropa ng AFP.

Hindi napahina ang mga pwersa ng BHB sa lugar. Katunayan, tuluy-tuloy ang gawaing masa ng mga yunit ng BHB sa proseso at pagitan ng mga paghahanda at paglulunsad ng mga armadong aksyon laban sa kaaway. Sa pamamagitan ng mahigpit na koordinasyon, naghatian at nagtulungan ang mga yunit ng BHB sa paggampan ng mga gawain sa mga hangganan ng mga larangang gerilya. Wastong nagamit ang pleksibilidad sa paglilipat-lipat ng erya para hindi labis na maantala ang mga gawain kung saan masyadong makapal ang presensya ng kaaway.

Buo at buhay ang pagkakaisa at pagtutulungan ng mamamayan at rebolusyonaryong armadong kilusan. Malaki ang iniambag ng mga "septidor" sa rebolusyonaryong gawain dahil sa kanilang kasanayan sa lahatang-panig na gawain, maging sa ilang gawaing militar, kaalaman sa tereyn at mahigpit na pagsubaybay sa kilos ng kaaway. Naging susi ang mahigpit na pagtangan ng mga prinsipyo ng lihim at maingat na pagkilos at pangangalaga sa kaligtasan ng bawat isa sa baryo. Hanggang sa kahuli-hulihan, nanatiling bulag ang kaaway sa makapal na lihim na kilusan sa mga baryong tinangka nilang gapinin.

Mahahalagang aral. Puno ng mga aral ang pakikipaglaban ng mamamayan sa mga lugar na tinarget ng OBL2. Pinakasusi ang pagsalig ng mga organisasyong masa at mamamayan sa sariling lakas at mulat na pagkakaisa sa paglaban.

Sa pagpapaunlad ng pagkakaisa at pagtutulungan sa mga kritikal na sitwasyon, napakahalaga ng organisado at kolektibong pagharap at aksyon. Napakalaking tulong ang maagap na pagkonsolida sa mga rebolusyonaryong pwersa at mamamayan sa mga pagsusuri sa kalaqayan at plano sa paglaban.

Kitang-kita rin ang kahalagahan ng maagap na paghahanda, wastong pagbasa sa sitwasyon, akmang pagbabalangkas ng mga taktika at hakbangin at masusing pag-angkop sa aktwal na kalagayan. Sa harap ng kahit pinakamatitinding kabangisan at katusuhan ng kaaway, di matatawaran ang kahalagahan ng mahigpit na pakikipag-ugnayan at pagtutulungan ng masa at kanilang hukbo.

Mahalagang aral din sa buong kilusan ang pleksibilidad sa mga plano at pag-iingat sa kaligtasan ng mga kasama at susing kasapi ng mga organisasyong masa at iba pang maiinit sa mata ng kaaway. Kasabay nito ang pagpapaabot ng bangis at pinsalang dala ng OBL2 at ang kinakailangang gawing mga pag-iingat, sa paraang hindi nagdudulot ng labis na takot sa mamayan at sa halip ay humahamon pa sa kanila para lalong magpunyagi at magpakahusay sa paglaban.

### Umento sa sahod, nakamit ng PKM sa Samar

agtagumpay ang rebolusyonaryong organisasyon ng mga magsasaka na itaas ang sahod sa anim na baryo ng Samar noong Hunyo. Ito ay sa kabila ng pananalanta ng Oplan Bantay Laya 2 (OBL 2) sa lugar na naglalayong wasakin ang rebolusyonaryong pagkakaisa ng Partido, BHB at mamamayan.

Mahigit 250 kasapi ng anim na balangay ng Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid (PKM) ang nakipagnegosasyon sa tatlong malalaking panginoong maylupa sa magkakanugnog na baryo. Hindi lamang nila napasang-ayon ang mga panqinoong maylupa, naqawa pa nilang ipapasa ito bilang ordinansa sa mga lokal na konseho ng saklaw na mga barangay. Umabot sa 230 manggagawang bukid, maralitang magsasaka at mababang panggitnang magsasaka ang pangunahing nakabenepisyo sa mga tagumpay na ito.

Nakatulong nang malaki sa tagumpay ng mga magsasaka ang tulong at gabay ng Partido at yunit ng BHB na kumikilos sa erya. Para isagawa ang kampanya, nagtipuntipon ang mga delegado ng mga balangay ng PKM at piling mga elemento mula sa panggitnang saray sa isang taktikal na komite sa kampanya (KamKom). Pinangunahan ng KamKom ang panlipunang pagsisiyasat at pagsusuri sa uri sa mga baryo para mapag-alaman ang mga tampok na usaping agraryo sa lugar. Batay dito ay nabuo ang borador ng mga kahilingan, programa ng kampanya sa edukasyon at propaganda at plano kung paano kakabigin ang mga panggitnang elemento sa mga baryo.

Habang tumatakbo ang kampanya, lalo pang tumaas ang pagunawa at pagkakaisa ng mga kasapi ng PKM at ng mamamayan sa lugar kaugnay sa iba pang isyung kinasasangkutan nila.

MGA UMENTONG NAIPAGWAGI NG PKM		
<u>Trabaho</u>	<u>Noon</u>	<u>Ngayon</u>
Pagkakaingin (arawan)	₱ 80	₱100
Paggagamas (arawan)	₱ 65	₱ 75
Pangangahoy (arawan)	₱ 80	₱100
Pag-ani (arawan)	₱ 60	₱100
Pakyawang paggagamas (arawan)	₱ 70	₱100
Sa pagkokopra:		
Paghahakot (arawan)	₱150	₱200
Pagbubunot (kada 100 piraso)	₱ 10	₱ 20
Pagtitikal (por sako)	₱ 10	₱ 15

### Matagumpay ang welga sa Bluestar

pinagdiwang ng mga manggagawa sa ilalim ng Bluestar Workers' Labor Union (BWLU) ang tagumpay ng inilunsad nilang welga laban sa kumpanyang Bluestar Manufacturing and Marketing Corp. (BMMC), pag-aari ng kapitalistang si Jimmy Ong.

Ang BMMC na nakabase sa Tunasan, Muntinlupa City ang kumpanyang gumagawa ng sapatos na Advan. Bawat araw ay nakapagpoprodyus ito ng 5,400 pares ng bota at 2,700 pares ng sapatos. Ang mga department store ng SM ang pinakamalalaking bumibili ng mga produkto ng BMMC. Mayroong 205 karaniwang manggagawa ang BMMC, at 85% nito ay kababaihan.

Mahaba ang listahan ng paglabag ni Ong sa mga karapatan ng mga manggagawa ng BMMC. Kilala si Ong sa pangmomolestiya sa kababaihang manggagawa sa kumpanya mula pa noong 1993. At kilala rin siya sa pambubuwag ng mga unyon.

Ang BWLU ang ika-apat nang unyong itinatag ng mga manggagawa dahil palaging binubuwag ni Ong ang mga dating itinatayo nila. Noong Hulyo 24, bisperas ng certification election sa pabrika, dalidaling tinanggal ng BMMC ang 43 manggagawa, kabilang yaong 1993 pa nagtatrabaho sa pagawaan para di mabilang ang boto nila pabor sa pagtatayo ng unyon. Dagdag na maniobra ng maneydsment ang pagpapaboto ng 28 empleyadong nasa pusisyong *managerial*, labag sa mismong Labor Code. Natalo ang unyon.

Noong Hulyo 12, tinangka ng kumpanya na ilabas ang mga makina nito upang palabasing nababangkrap ito. Mahigit 60 manggagawa ang salit-salitang nagsagawa ng protestang *die-in* (paghiga sa kalsada) sa tapat ng tarangkahan ng kumpanya upang mapigilan ang paglalabas ng mga makina. Nagtagumpay sila rito subalit 59 sa kanila ang pinigilang makabalik sa tra-

baho at ibinimbin ang sahod.

Sa loob ng mahigit 18 taon mula nang itatag ang kumpanya, sa pinakahuling welga lamang na ito natamo ng mga manggagawa ang malaking tagumpay laban BMMC. Sa gayon, mayaman sa aral ang naging kondukta at pagdadala ng welga. Una, susi sa tagumpay ng mga manggagawa rito ang pagkakaisa at katatagan. Nakamit nila ang kanilang pagkakaisa at militansya sa tulong ng serye ng mga paq-aaral sa piketlayn hindi lamang sa isyung kinasasangkutan nila kundi pati ng mga isyung panlipunan. Tuluy-tuloy and pagpapaliwanag at panghihikayat sa iba pang manggagawa para patatagin ang welga.

Pangalawa, mahalaga para sa mga manggagawa ang makuha ang pinakamalawak na suporta mula sa iba't ibang sektor ng lipunan. Sa welga ng Bluestar, tinamasa ng mga manggagawa ang malalim na suporta ng kalapit na mga komunidad. Katunayan, nabuo ang mga organisasyon ng kabataan at kababaihan sa komunidad. Malaki rin ang papel na ginampanan ng aktibistang kabataan sa pagpapalawak ng suporta para sa piketlayn. Habang natututo sila kaugnay sa pakikibaka ng mga manggagawa, tumutulong sila sa pag-oorganisa sa kapwa nila kabataan at iba pa sa kalapit na komunidad. Habang nagtatagal ang welga, palawak nang palawak ang suporta nito mula sa komunidad, mga alyado at iba pang mga organisasyon.

Sa kabilang banda, habang nagtatagal ay lumaki nang lumaki ang nawawalang tubo kay Ong dahil sa welga. Hindi nakayanan ni



Ong na magpatuloy ang welga sa pangamba niyang malugi, kaya naman napilitan siyang ibigay ang lahat ng mga iginigiit ng mga manggagawa.

Naipagtagumpay ng mga manggagawa ang walang kundisyong pagbabalik ng 43 manggagawang tinanggal, pagkilala sa BWLU bilang kinatawan ng mga manggagawa, pagbabayad ng back wages at pag-uurong ng kasong illegal strike na isinampa ng maneydsment. Naigiit din nila ang pagbibigay ng bonus at pagtatayo ng espesyal na komite na haharap sa maraming reklamo ng sexual harassment laban kay Ong.

Idinaos ng mga manggagawa ang kanilang pagdiriwang noong Setyembre 27 sa tarangkahan mismo ng RMT Industrial Complex na kinatitirikan ng kumpanya. Dinaluhan ito ng mahigit 100 katao mula sa iba't ibang organisasyon. Isinagawa ang mga pangkulturang pagtatanghal. Naging tampok na bahaqi ng programa ang pagpapalabas ng slide show ng mga larawang kuha sa panahon ng welga. Nagtalumpati ang mga lider-manggagawa. Ipinahayag nila na ang tagumpay ng pakikibaka ng mga manggagawa sa BWLU ay magsisilbing inspirasyon sa tuluy-tuloy na pakikibaka ng mga manggagawa sa buong bansa sa pagbabago ng lipunan.



#### Mga aktibista sa Southern Tagalog, sinampahan ng gawa-gawang kaso

alawampu't pitong lider at myembro ng mga progresibong organisasyon sa Southern Tagalog (ST) ang sinampahan ng gawa-gawang kasong arson, pagsira ng ari-arian at sabwatan para maglunsad ng rebelyon. Sa kanila ibinintang ng militar ang pagsunog sa cellsite ng Globe sa Lemery, Batangas noong Agosto 2.

Kabilang sa mga inakusahan sina Noriel Rocafort, pangkalahatang kalihim ng BAYAN-Batangas; Bayani Cambronero ng Bayan Muna-ST; Rolando Mingo ng PISTON at STARTER; Atty. Remigio Saladero ng National Union of People's Lawyers (NUPL); Agaton Bautista ng Samahan ng Magbubukid sa Batangas at Anakpawis-Batangas; Renato Baybay ng KAMAGSASAKA-KA sa Cavite; Isabelo Alicay ng Haligi ng mga Batangueñong Anak ng Dagat (HABAGAT); Romeo Lorca Aquilar ng Kadamay-Rizal; Nestor San Jose ng STARTER-Rizal; Amelita Sto. Tomas ng Gabriela-Cavite; at Dina Capetillo, pangkalahatang kalihim ng Karapatan-Batangas. Sa 27 akusado, 11 ang taga-Batangas, anim ang taga-Cavite, anim ang taga-Laguna, tatlo ang taga-Rizal at isa ang taga-Mindoro Oriental.

Pinabulaanan ng mga akusado ang mga paratang sa isang press conference noong Oktubre 4. Anila, ang pagsasampa ng kaso ay bahagi ng nagpapatuloy na harasment sa mga lider at myembro ng mga ligal na progresibong organisasyon.

#### Mga pinaniniwalaang labí ng dinukot na magsasaka, natagpuan

 ${f N}$ atagpuan sa isang dating detatsment ng 24th IB sa Barangay Bliss, Limay, Bataan ang mga pinaniniwalaang labí ni Manuel Merino, isang magsasakang dinukot ng mga pwersa ni dating Maj. Gen. Jovito Palparan sa Hagonoy, Bulacan noong Hunyo 2006. Ang kinalalagyan ng mga labí ay itinuro ni Raymond Manalo, isa ring magsasakang biktima ng pagdukot na nakatakas noong Agosto 2007.

Si Merino av dinukot kasama sina Karen Empeño at Sherlyn Cadapan, mga estudyante ng University of the Philippines. Si Manalo naman kasama ng kanyang kapatid na si Reynaldo ay dinukot din ng mga tauhan ni Palparan noong Pebrero 2006 sa San Ildefonso, Bulacan.

Nagkita-kita ang lima sa Bataan nang dalhin sila roon noong Nobyembre 2006. Dito sila ibinimbin hanggang Hunyo 2007. Bago ito av palipat-lipat ang mga biktima sa iba't ibang kampo at safe house ng militar sa Central Luzon.

Ayon sa salaysay ni Raymond Manalo, sina Empeño at Cadapan na noo'v nakakulong nang nakakadena ang mga paa sa bodega ng detatsment, ay bigla na lamang nawala noong unang linggo ng Hunyo 2007. Nagpahiwatiq noon ang mga bantay nilang sundalo na pinatay na ang dalawa. Matapos silang mawala, sina Merino at ang magkapatid na Manalo naman ang ikinulong sa bodega. Noong qabi ng Hunyo 10, 2007, nasaksihan ni Raymond Manalo nang kaladkarin ng mga sundalo si Merino mula sa bodega para umano kausapin ni Palparan. Hubo't hubad noon si Merino, nakapiring at nakaposas. Nakita rin niya nang patayin at sunugin ng mga sundalo si Merino.

Ayon pa rin kay Manalo, bukod sa kanilang lima, natatandaan niyang anim hanggang walo pang ibang biktima ng pagdukot ang dinala sa detatsment sa panahong nakabimbin siya roon. Ang ilan daw sa mga biktima ay patay na at ang iba ay naghihingalo at doon na tinuluyan. Dahil dito, pinaniniwalaan ng mga imbestigador na marami pang ibang biktima ang nakalibing sa dating detatsment, na binaklas ng militar ilang araw lamang matapos paslangin si Merino.

Nitong Oktubre 14, kinatigan ng Korte Suprema ang writ of amparo na iginawad ng Court of Appeals sa magkapatid na Manalo noong Disyembre 2007. Sa desisyong isinulat ni Chief Justice Reynato Puno, ibinasura ng Korte Suprema ang apela ng AFP at Department of National Defense na pawalambisa ang writ of amparo para sa magkapatid. Anang korte, suportado ng mga ebidensya ang sinasabi ng mga Manalo na nanganganib ang kanilang seguridad at nangangailangan sila ng proteksyon.

#### Mga magsasaka, pinalalayas ng militar

**M**ahigit 1,000 magsasaka ang pinalalayas ng 7th Infantry Division sa Barangay San Isidro, Laur, Nueva Ecija. Ang mga magsasaka ay nakatira sa loob ng 3,100 ektaryang lupaing pilit inaangkin ng militar bilang bahagi ng Fort Magsaysay Military Reservation (FMMR).

Noong Nobvembre 1991, inilaan ng gubyernong Aguino ang 3,100 ektarya sa kabuuang 73,000 ektaryang FMMR para sa mga magsasakang walang lupa at mga biktima ng pagsabog ng Mt. Pinatubo. Mula noon ay marami nang magsasaka sa naturang lugar ang nakatanggap na ng CLOA mula sa Department of Agrarian Reform.

#### Mga abusong militar sa Eastern Samar at Maguindanao

Minasaker ng mga elemento ng 62nd IB noong Setyembre 7 sa Barangay Patag, Maydulong, Eastern Samar ang tatlong magkakapamilyang inaakusahan ng militar na mga myembro ng rebolusyonaryong organisasyong masa. Ang mga biktima ay ang magkapatid na Jeto at Ronald Catubay at ang bayaw nilang si Jimmy.

Ayon sa mga ulat koresponsal mula sa Eastern Visayas, sinunog din ng mga nag-ooperasyong militar ang dalawang bahay sa Bagong Baryo, Barangay Pinanag-an, Borongan, Eastern Samar.

Tatlong sibilyang Moro naman ang dinukot ng militar mula sa *evacuation center* ng Sambolawan Elementary School sa Barangay Sambolawan, Datu Saudi Ampatuan, Maguindanao noong Oktubre 10, alas-5:30 ng umaga. Ang mga bakwit na sina Abi Kalikod, Suwa-

ib Sinoka at Nasser Abubakar ay sapilitang tinangay ng naka-unipormeng mga lalaki. Ang tatlo ay pinaratangan ng militar na mga myembro ng Moro Islamic Liberation Front (MILF) sa ilalim ni Commander Ameril Umbra Kato. Walang ipinakitang mandamyento ang mga dumukot sa tatlo.

Mariing kinundena ng mga tagapagtaguyod ng karapatang-tao ang pagdukot. Anila, hindi pa rin ligtas ang mga bakwit sa mga *evacuation center* dahil hindi pa rin sila tinatantanan ng militar.

Bago ito, pitong bakwit, kabilang ang apat na bata ang nasugatan noong Setyembre 26 nang walang pakundangang kanyunin ng militar ang lugar malapit sa Datu Gumbay Elementary School sa Datu Piang, Maguindanao na nagsisilbing evacuation center.

#### Harasment sa kampus, tumitindi

Tumitindi ang paglabag sa mga karapatan ng mga mag-aaral sa kampus. Pinakahuling kaso ang paglilitrato at paniniktik ng mga ahenteng militar sa mga estudyante sa Polytechnic University of the Philippines sa Maynila. Tuluy-tuloy din ang pagpapakalat ng mapanirang propaganda laban sa mga organisasyon ng mag-aaral, kabilang ang konseho at publikasyon nila.

Sa PUP-Quezon, sinampahan ng gawa-gawang kasong rebelyon ang tatlong kasapi ng konseho ng magaaral, kasabay ng paninira at pananakot sa kanila at kanilang mga pamilya.

Sa Jose Rizal University, 19 na mag-aaral ang di makatarungang sinuspinde noong Setyembre. Apat sa kanila ang pinatalsik kalaunan ng administrasyon dahil sa paglulunsad ng kampanya laban sa value-added tax.

Sa Cebu, inianunsyo ng AFP na "bibisitahin" ng militar ang mga kampus sa isla para balaan ang mga mag-aaral laban sa pagrerekrut ng PKP-BHB. Isinasangkalan ng militar ang pagkamatay ni Rachelle Mae Palang, dating Vice President sa Visayas ng College Editors' Guild of the Philippines, sa isang labanan sa Negros Oriental noong Setyembre. Si Palang ay dating editor ng Vital Signs, pahayagang pang-

mag-aaral ng Velez College kung saan siya nagtapos ng *nursing*.

Isa ring mapanlinlang na panukalang batas ang isinampa ni Rep. Risa Hontiveros-Baraquel ng Akbayan na pinamagatang Students Rights and Welfare Bill of 2007. Animo'y progresibo ang panukala, pero marami itong probisyong magliligalisa sa panunupil sa pamantasan. Isa rito ang pagbibigay ng masaklaw na kapangyarihan sa Office of Student Affairs sa pagapruba sa mga organisasyon sa loob ng paaralan at paglulunsad nila ng mga aktibidad. Nais din ng panukala na magtakda lamang ng lugar sa kampus kung saan pwedeng magprotesta. Pinapaboran din nito ang Campus Journalism Act na ginagamit ngayon para paghigpitan ang mga pahayagang pangkampus.

#### Magsasaka sa Quezon, walang awang pinaslang

Walang pakundangang pinagbabaril hanggang sa mapatay si Alejo de Luna, 30 anyos, isang magsasaka na taga-Barangay Mabini, Mulanay, Quezon. Muntik ding mapatay ang anak niyang si Mark Angelo, 8 anyos. Ayon sa ulat ng Karapatan, dumating sa sakahan ng mga de Luna noong Oktubre 13 ang mga elemento mula sa "B" Coy ng 74th IB kung saan nadatnan nila ang mag-amang nagtatrabaho sa bukid. Sinigawan sila ng isang sundalo na huwag tatakbo. Kumaripas naman ng takbo ang nagitlang si Mark Angelo at hinabol ito ng ama. Matapos ito ay pinaulanan sila ng bala ng mga sundalo. Namatay ang nakatatandang de Luna. Ang bata ay hindi nasugatan subalit may mga butas ang shorts niya na likha ng tama ng bala. Matapos ito ay pinaghahalughog ng mga sundalo ang bahay ng mga de Luna at binantaan ang asawa ni Alejo na si Angeline na dadalhin siya sa kampo ng militar.

### US: Mindanao ang "bagong Afghanistan"

indi na mapagtakpan ng mga kasinungalingan ng US at gubyernong Arroyo ang mga kaso ng panghihimasok-militar ng US sa Pilipinas.

Nito lamang huling linggo ng Setyembre ay muling ipinahayag ni Adm. Timothy Keating, hepe ng US Pacific Command, ang patuloy na pagsuporta ng US sa mga operasyon ng AFP "laban sa terorismo" hindi lamang sa Mindanao kundi sa buong bansa.

Dagdag pa ni Keating, "Nangangako kami na susuportahan namin ang AFP sa lahat ng paraang makakaya." Pag-amin itong hindi nagaatubili ang US na lumahok sa mga operasyong pangkombat ng AFP.

Walang pangingiming idineklara ito ni Keating bilang reaksyon sa nabulgar na mga kaso ng pagkakasangkot ng mga tropa ng US sa mga armadong tunggalian sa Mindanao. Umani rin ang US ng matitinding batikos dahil sa pagkakalantad ng panghihimasok at pakikipagkutsaba nito sa papet na rehimen sa pagsisikap na linlangin ang Moro Islamic Liberation Front sa usapang pangkapayapaan.

Ang kasalukuyang pokus ng US sa Mindanao ay nakabalangkas sa pangkalahatang pananaw ng US sa isla bilang "bagong Afghanistan." Avon kay Scot Marciel, US Deputy Assistant Secretary for East Asian and Pacific Affairs at embahador ng US sa ASEAN, "Ang Mindanao ngayon ang pangunahing pokus ng US kaugnay ng banta ng terorismo sa buong Southeast Asia." Ipinahayag ito ni Marciel sa katatapos na kumperensya hinggil sa relasyon ng US at Southeast Asia na inorganisa ng Center for Strategic International Studies. Ibinatay niya ito sa dokumentong isinulat ni Dr. Peter Chalk na inilathala sa CTC Sentinel, publikasyon ng Combating Terrorism Center (CTC) na nakabase sa US Military Academy sa West Point, New

York.

Ang Mindanao ay itinutulad ng US sa Afghanistan na pinaniniwalaan nitong pugad ng al Qaeda. Isinasangkalan ito ng US sa papatinding interbensyon nito sa isla. Inilalatag nito ang batayan para sa lantarang panghihimasok-militar ng US sa Mindanao, at kalaunan, sa buong Pilipinas.

Sa ngayon ay malaki-laking bahagi ng panghihimasok ng US sa isla ay nasa anyo ng "ayudang pang-ekonomya" at mga pakitangtaong civil-military operations. Ito ang dahilan kaya papalaki ang ibinibigay na ayuda ng US sa mga lugar sa Mindanao na may nagaganap na mga sagupaan. Mula noong 2005, 60% na ng US Development Assistance at Economic Support Funding ay napupunta na sa Minda-

nao, bilang pagpapakita umano ng suporta ng US. Sa katunayan, ang mas malaking bahagi nito ay di ginagastos para sa pangangailangan ng mamamayan kundi sa paglalatag ng mga imprastruktura, katulad ng mga daungan, paliparan, kalsada at ibang kinakailangan para mas mabisang makapag-operasyon ang mga tropa ng US sa lugar.

Ayon kay Chalk, isa sa mga ultimong layunin ng patuloy na suportang militar at "ayudang pangekonomya" ng US sa Pilipinas ay ang pagsuhay sa rehimeng Arroyo na itinuturing nitong isa sa pinakamasusugid na tagasuporta ng "kampanyang anti-terorista" ng gubyernong Bush. Kapalit ng suporta nito sa paglaban sa Abu Sayyaf at iba pang sinasabing kaaway ng gubyernong Arroyo, nabibigyang katwiran ang patuloy na presensyang militar ng US sa Pilipinas at sa buong Asia-Pacific.

#### Mga armadong sagupaan sa Mindanao

**S** unud-sunod na pagkatalo ang dinaranas ng mga sundalo ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa kamay ng mga pwersang gerilya ng Moro Islamic Liberation Front (MILF).

Tatlong sundalo ng AFP, kabilang ang isang tinyente, ang nasugatan nang pasabugan sila ng *land mine* ng umaatras na mga pwersang gerilya ng MILF na sumalakay sa isang kampo ng militar noong Oktubre 12. Ang mga kaswalti ng militar ay kabilang sa mga pwersang tumugis sa mga gerilya.

Nauna rito, sinalakay ng 50 pwersa ng MILF ang kampo ng mga sundalo sa ilalim ng 75th IB sa Barangay Tukanalipao, Mamasapano, Maguindanao mga alas-10 ng umaga. Tumagal nang 20 minuto ang sagupaan bago umatras ang mga gerilyang MILF.

Ang tumugis na mga elemento ng militar ay may reimporsment na mga tangkeng Simba ngunit sa kabila nito ay nabigo silang dakpin ang kahit isang tauhan ng MILF. Ligtas na nakaatras ang mga gerilya papunta sa mga baryo sa Liguasan Marsh.

Samantala, isang pulis ang napatay nang salakayin ng MILF-BI-AF noong alas-4 ng madaling araw ng Oktubre 11 ang mga tropa ng AFP sa Barangay Sangay, Kalamansig, Sultan Kudarat. Isang mandirigma naman ng MILF ang naiulat na napaslang.

## Hambalos ng krisis sa mga migranteng manggagawa

alang duda na tatamaan ng kasalukuyang pandaigdigang krisis ng kapitalismo ang mga migranteng Pilipino. Dadanas sila, kasama ng mga manggagawa sa mga bansang kinalalagyan nila, ng higit pang pagsasamantala at pang-aapi.

Nakikini-kinitang kabilang sila sa mabibiktima ng malawakang tanggalan sa US, Europe at iba pang sentro ng pinansya. Sa US lamang, libu-libong Pilipino na nagtatrabaho sa mga institusyong pampinansya ang nanganganib masisante. Mahigit dalawang milyong Pilipino ang naninirahan sa US at umaabot sa 30% ng kabuuang remitans na natatanggap sa bansa ay nagmumula sa kanila.

Pero ang pinakabulnerable pa sa hanay ng mga manggagawa at empleyado ay yaong may mabababang antas ng kasanayan at gumagampan ng "mabababang klase" at di prayoridad na trabaho tulad ng mga katulong sa bahay at mga nasa sektor ng serbisyo tulad ng mga manggagawang nasa mga hotel, restawran at iba pang katulad na mga serbisyo. Hindi maiiwasan na madamay sila sa tanggalan, laluna't maraming pribadong kumpanya ang magpapaliit ng kanilang mga operasyon kundi man tuluyan nang magsasara.

Nagsisimula nang magsara ang ilang bansa sa karagdagang mga migranteng manggagawa. Sa napakakonserbatibong pagtaya ng rehimen, 50,000-70,000 ang mababawas sa bilang ng mga manggagawang lalabas sa bansa—sindami lamang ng nabawas noong panahon ng krisis sa Asia noong 1997. Pero mas malala ngayon ang krisis kumpara noon, at kung tutuusin, walang sinumang nakatitiyak sa saklaw at tindi nito sa darating na mga buwan. Ngayon pa lamang, nirerebyu na ng Australia ang programa nitong kumuha ng 31,000 migranteng manggagawa para sa industriya at agrikultura. Tinataya nitong liliit na ang pangangailangan para sa karagdagang manggagawa ngayong tumutumal na ang kanilang ekonomya at kumikitid ang base ng kanilang industriya. Nirerebyu na rin nila maging ang pagpapapasok ng mga pamilya ng mga migranteng nagtatrabaho na roon. Sumunod na rin ang United Kingdom sa pagpapahayag na magkakaroon 9 ng dagdag na mga restriksyon sa lahat ng dayuhang ( qustong magtrabaho sa kanilang bansa. Anila, idinidikta ng kasalukuyang krisis ang pangangailangang "bumalanse" and biland nd mda lumalabas sa pumapasok na mga migrante para hindi lumaki ang kanilang populasyon. May mga bansa pang katulad ng Spain na tuluyang nagsara na sa pagpapapasok pa ng mga bagong manggagawa mula sa ibang bansa.

Sa pagtumal ng mga ekonomya ng mga bansang mataas ang konsentrasyon ng mga migrante, lumalakas din ang sentimyentong antimigrante—ang pagturing sa kanila na pabigat sa problema ng disemplevo at kanilang ekonomya. Dadalas ang mga pagpapalayas sa mga manggagawang di dokumentado. Titindi ang diskriminasyon sa lahat ng mga migrante habang lumalakas ang rasismong anti-migrante. Sa Europe, dumadalas na ang mga kaso ng karahasan laban sa mga migrante tulad ng naganap kamakailan sa Spain at mas maaga pa sa

France.

Daranas ng higit na pagsasamantala ang mga migrante. Maraming employer ang magbabawas ng mga sahod ng kanilang manggagawa laluna ng mga migrante. Nitong Oktubre, halimbawa, nilayasan ng 80 migranteng Pilipino ang isang pabrika sa Romania dahil karakarakang ibinaba ng may-ari ang kanilang sahod mula \$400/buwan tungong \$164/buwan matapos lumiit ang bulto ng mga order ng produkto nito mula sa US. Nang pumutok ang krisis sa Asia noong 1997, aw-

tomatikong naging mas mababa ang pasahod sa mga bagong migrante kumpara sa mga datihan.

Walang ibang dapat sisihin sa ganitong kalagayan ng mga migranteng Pilipino kundi ang labor export policy ng reaksyunaryong gubyerno—ang paghikayat ng pagtatrabaho sa ibang bansa sa kabiguang makalikha ito ng mga hanapbuhay sa loob ng bansa. Pinalalala pa ito ngayon ng rehimeng Arroyo sa pamimilit nitong lumabas pa rin ng bansa ang mga Pilipino sa kabila ng paghihirap at pagsasamantala na aabutin nila roon.

Alam ng lahat na ang kaliwa't kanang pagbubugaw ng rehimen sa mga manggagawa ay bunga ng desperasyon nitong magpatuloy ang pagpasok ng mga remitans. Malaon nang pinalulutang ng mga migranteng Pilipino ang bangkarote at atrasadong ekonomya ng Pilipinas. Mas malaki ang ipinapasok nilang kapital sa bansa kumpara sa lokal na produksyon at pamumuhunan ng mga dayuhang kapitalista sa mga lokal na kumpanya, stock market at maging sa ipinapasok nilang "hot money" o panandaliang ispekulatibong pamumuhunan. Kung wala ang kanilang mga remitans, malaon nang bumagsak ang ekonomya ng bansa.

# Tuloy ang pagbulusok ng sistemang kapitalista sa US at buong mundo

along lumalalim ang pagkakabahura sa resesyon ng US at buong daigdig. Ipinakikita ito ng mga makasaysayang pagbulusok ng mga pamilihang pampinansya nitong Oktubre, pagbagsak ng produksyon at patuloy na paglaki ng akumuladong mga pagkalugi. Tinatayang magtatagal pa ito at hahantong sa depresyon sa 2009.

Pagsadsad ng mga stock market. Sa loob ng walong araw (Oktubre 10-17), nabura ang \$2.4 trilyong halaga ng mga sapi sa US nang bumagsak nang 18% ang Dow Jones Index—pinakamalaki na sa kasaysayan. Nitong nagdaang taon, umabot na sa \$8.33 trilyon ang kabuuang ikinalugi ng mga kumpanyang may mga saping nakalista sa mga stock market sa US, na nagresulta sa pagbagsak nito sa pinakamababang antas sa nakaraang limang taon.

Noong linggo ring iyon, bumagsak nang 11.4% ang Nikkei Stock Index, talaan ng mga sapi ng mga pangunahing kumpanya sa Japan. Ang mga ito na ang pinakamatatarik na pagdausdos mula noong Oktubre 1987, nang huling bumagsak nang matindi ang mga stock market sa buong mundo. Batay sa pinagkumbinang pagtatala ng Dow Jones at Nikkei, simula 2008, bumagsak na nang 43.21% ang halaga ng kabuuan ng mga sapi sa mga pamilihan sa US at Japan.

Pagbili ng gubyerno sa sapi ng mga bangko. Nitong kalagitna-an ng Oktubre, naglaan ang gubyernong Bush ng \$250 bilyon para tuwiran nang bumili ng mga sapi at magkaroon ng bahaging kontrol sa siyam pang pinakamalalaking naluluging bangko at institusyong pampinansya sa US. Dagdag na hakbangin ito sa nauna nang plano ng gubyernong Bush na nalilimita sa pagbili lamang sa bagsak-hala-

gang mga pampinansyang pamumuhunan ng mga ito. Noong una'y iniiwasan ng gubyernong Bush ang ganitong hakbangin na itinuturing na taliwas sa itinataguyod nitong deregulasyon sa ekonomya.

Napilitang umayon ang US sa naunang hiwalay nang hakbangin ng UK at iba pang bansa sa Europe. Naglaan ang UK ng halos \$700 bilyon upang ipambili ng makabuluhang porsyento ng mga naluluging bangko at ang iba ay panggarantiya sa mga pautang ng mga ito. Nagpasok na ang UK ng \$89 bilyon sa kapital ng apat na naluluging bangko doon at naglagak ng \$356 bilyong garantiya sa mga pautang nito. Binili rin kamakailan ng qubyernong Switzerland ang \$59.3 bilyong sapi ng UBS. Nagpasok din ng \$13.4 bilyon ang gubyerno ng The Netherlands sa bangkong ING, isa sa pinakamalaking bangko sa mundo. Nauna rito, baha-bahagi ng mga bangkong Fortis at Dexia ay binili ng European Central Bank at mga gubyerno sa Belgium, The Netherlands at Luxembourg.

Napilitan ang mga imperyalistang gubyerno na magpasok ng kapital sa naluluging malalaking pribadong bangko upang lutasin ang masyadong mababang kapitalisasyon ng mga ito kumpara sa dambuhalang mga pautang nila at kontrolin ang mga patakaran ng mga bangko sa pamumuhunan at pagpapautang. Partikular na layunin ang muling mapagulong ang pagpapautang sa mga mamumuhunan sa ha-

ngaring mapasigla ang sumasadsad na kapitalistang ekonomya.

Samantala, nitong Oktubre 8 ay nagbuhos ang gubyernong US ng karagdagang \$37.7 bilyong pansuhay sa American International Group (AIG), na nauna na nitong pinahiram ng \$85 bilyon noong Setyembre. Sa kabila ito ng pagkakabulgar ng walang pakundangang paglustay ng halos kalahating milyong dolyar sa marangyang piging ng mga pinuno ng kumpanya dalawang linggo matapos isalba ng qubyerno ang AIG.

Gayunpaman, wala nang saysay ang lahat ng hakbanging ito. Di nito napipigilan ang tuluy-tuloy at lalong paglala ng pandaigdigang krisis pampinansya at nag-iibayo ngayong pagbagsak ng tunay na ekonomya sa US at buong mundo.

Pagbagsak ng produksyon at lumalalang disempleyo sa US at buong mundo. Ang kabuuan ng produksyong industriyal sa US ay bumagsak nang 2.8% nitong Setyembre, pinakamatarik mula Disyembre 1974. Noong Agosto, bumagsak na ito nang 1%. Sa kabuuan ng ikatlong kwarto ng 2008, bumagsak nang 6% ang produksyon kumpara noong nakaraang taon. Ang sektor ng manupaktura ay sumadsad nang 2.6%, pinakamalaki nitong nakaraang 28 taon. Ang produksyon sa US av tumatakbo sa 76.4% lamang ng buong kapasidad nito, pinakamababa mula Oktubre 2003.

Pinakamatinding binibiktima ng pagbulusok ng tunay na ekonomya ang mga manggagawa at masang anakpawis. Pinakamataas na ngayon ang 6.1% na antas ng disempleyo sa US nitong nakaraang pitong taon. Tumataas din ang disempleyo sa Europe. Ang 11.3% na antas ng disempleyo sa Spain at 9.9% sa Slovakia ang pinakamatataas sa buong Europe. Pinakamataas na sa loob ng 17 taon ang 5.75% na antas ng disempleyo (katumbas ng halos 1.8 milyon kataong walang trabaho) sa UK na tinatayang aabot sa mahigit dalawang milyon pagsapit ng Disyembre. Tumataas din ang antas ng disempleyo sa iba't iba pang malalaking kapitalistang bansa sa Asia.

Bumabagsak ang kumpyansa ng mamamayan sa sitwasyong pang-ekonomya at bunga nito'y bumabagsak din ang konsumo. Ang US Consumer Sentiment Index ay bumagsak mula 86.5 noong nakaraang taon tungong 70.3 noong Setyembre at 57.5 nitong Oktubre. Sukatan ito ng timpla ng mamimiling Amerikano relatibo sa indibidwal at pangkalahatang kalagayang pangkabuhayan. Ito na ang pinakamalalim na pagbagsak mula 1952. Sa mga susunod na buwan, tinatayang babagsak pa ito sa 56.7 o mas mababa pa.

Ibayong masahol pa ang kalagayan sa nakararaming atrasadong bansa sa daigdig kung saan ang malaking mayorya ng mamamayan ay wala o kulang ng trabaho at dumaranas ng lumalala pa ngayong kahirapan at kagutuman.

# Melamine sa gatas at iba pang krimen sa ngalan ng tubo

Indi bababa sa 90,000 sanggol na Tsino ang naospital at anim na ang namatay kamakailan dahil sa sakit sa bato sanhi ng pagkakalason. Natuklasang ang gatas na iniinom nila ay hinahaluan ng melamine, isang kemikal na sangkap sa paggawa ng plastik. Ginagawa ito upang palabasing mas mataas ang protinang taglay ng produkto kaysa aktwal na nilalaman nito.

Ang iskandalong ito ukol sa *melamine* ang pinakahuli sa mga nabubunyag na kaso ng napakababang pamantayan ng produksyon sa China.

Noong 2007, natuklasang may taglay ding *melamine* ang isang sangkap ng mga ibinebentang pagkaing panghayop na ikinamatay ng maraming alagang aso at pusa sa US at iba pang bansa. Ang sangkap ay inangkat mula sa China.

Napag-alaman din noon na kontaminado rin ng naturang kemikal ang kending White Rabbit na gawang China. Bukod sa *melamine*, mayroon ding *formaldehyde* (kilala sa tatak na Formalin) ito at tatlong iba pang produktong pagkain mula sa China. Sa halip na preserbatibang pampagkain ang gamitin, ang inihalo ay ang mas murang *formaldehyde*, na nakalalason at ginagamit na pang-embalsamo.

Pati toothpaste na mula sa China ay natuklasang may mataas na antas ng diethylene glycol, isang nakalalasong kemikal na nakakasira rin sa bato. Dahil mas mura ito, iligal itong ginagamit na pamalit sa sangkap na pampakinis sa timpla ng toothpaste.

Noong taon ding iyon, natuklasang may mataas na antas ng tingga ang mga pinturang ginamit na pangkulay sa mga laruan at iba pang produktong pambata na ginawa sa China. Ito ay kahit may mga minamanupaktura nang pinturang walang sangkap na tingga. Ang pagkakalason sa tingga ay nakapipinsala sa utak, bato, puso, bituka at iba pang bahagi ng katawan.

Ang kalakarang ito sa China ay palatandaan ng lalim na inabot ng kapitalistang katusuhan at kabulukan sa bansa. Sinasagad ng burgesya at burukrata kapitalistang Tsino ang kanilang tubo anuman ang kapalit, kahit mismong kaligtasan ng mga kumokonsumo.

Hindi kataka-takang umabot

sa ganito ang China dulot ng humihiqpit na integrasyon ng bansa sa pandaigdigang sistemang kapitalista. Bilang sumisibol na kapangyarihan sa pandaigdigang sistemang kapitalista, pati pinakakrudo at pinaka-antisosyal na mga pamamaraan ay qinaqawa ng maraming kapitalista roon para magkamal ng malaking tubo at makaipon ng kapital sa pinakamabilis na paraan. Masama pa rito, marami sa mga kumpanyang sangkot sa ganitong kriminal na mga gawi ay pagaari ng estadong nagkukunwang komunista.

Ang ganitong kalakaran ay pinasasahol pa ng pamumuhunan sa China ng mga korporasyong multinasyunal na doon nagpapagawa ng kanilang mga produkto upang samantalahin ang murang lakaspaggawa sa bansa. Di nakapagtatakang marami sa mga nakapipinsalang produktong yaring China ay may mga tatak na Amerikano tulad ng Mattel at Disney.






Taon XXXIX Blg. 20 Oktubre 21, 2008 www.philippinerevolution.net

Editoryal

# Di makaliligtas sa mamamayan ang pusakal na kriminal na si Arroyo



Mga tampok sa isyung ito...

OBL2 bigo sa Eastern Visayas PAHINA 3

Arroyo. Isinasakay niya ang tusong planong manatili sa poder sa imperyalis-

Matagumpay ang welga sa Bluestar PAHINA 6

Lumalalang krisis ng kapitalismo PAHINA 12

#### Mga instruksyon sa paglilimbag

- **1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- **2.** Pag-print sa istensil:
  - a) Sa print dialog, i-check ang Print as image
  - b) Alisin ang check sa Shrink oversized pages to paper size
  - k) I-click ang Properties
  - d) I-click ang **Advanced**
  - e) Tiyaking naka-set sa 100% ang Scaling
  - d) Ituloy ang pag-print
- **3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*